

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Umaabante ang Lungsod ng Brampton sa Yugto 3 ng Muling Pagbubukas sa Hulyo 31

BRAMPTON, ON (Hulyo 30, 2020) – Kasunod ng pag-anunsyo kahapon ng Pamahalaan ng Ontario na nagpapahintulot sa Rehiyon ng Peel na umabante sa Yugto 3, ang Lungsod ay naghahanda ng ligtas na muling pagbubukas ng mas maraming negosyo at mga serbisyo sa Brampton ngayong Biyernes, Hulyo 31.

Mga Pasilidad, Serbisyo at Programa ng Lungsod sa Yugto 3

Mga Parke, Palaruan at Panlabas na Kasangkapan ng Pag-ehersisyo

Ang lahat ng palaruan, istruktura ng laro at panlabas na kasangkapan ng pag-ehersisyo ay muling magbubukas sa Biyernes, Hulyo 31. Ipapaskil ang karatula sa mga parke para sabihin ang mga residente na isagawa ang wastong mga pamamaraan sa kalusugan at kaligtasan.

Ang mga outdoor sport ay bukas na ngayon para sa lega ng mga laro, ayon sa mga patnubay ng Lalawigan sa [Balik sa Paglalaro](#).

Simula sa Agosto 10, ang pag-aarkila ng bangka at kayak ay pwede na sa Professor's Lake. Available ang mga detalye online sa [brampton.ca/recreation](#).

Programa sa Paglilibang

Simula sa linggo ng Agosto 10, muling pasisimulan ng Lungsod ng Brampton ang pinahabang paghahandog ng paborito sa summer na, Fitness in the Park, isang libreng panlabas na programa sa pag-ehersisyo. Ang panlabas na drop-in na programang ito ay pinahaba para maghandog sa mga residente ng mas maraming opsyon para makilahok sa ligtas, bukas sa sariwang hangin na mga gawaing pang-ehersisyo sa panahon ng mas mainit na mga buwan at sa mga lugar kung saan ang paglayo mula sa iba ay posible para sa malalaking pangkat. Ang mga araw, lokasyon, at timeslot ay pinahaba para sa dinadagdagang kapasidad. Kabilang sa mga iniaalok ng programa ang Boot Camp, Meditation, at Zumba™. Available ang kumpletong iskedyul sa [brampton.ca/recreation](#).

Ang mga panloob na pool, mga amenidad para sa pag-ehersisyo, at limitadong mga programang drop-in (batay sa reserbasyon lamang) ay muling magbubukas para sa pampublikong paggamit matapos ang Araw ng Paggawa. Ang Public swims, lane swims, aquafit, at aqua therapy ay magiging available sa piling panloob na swimming pools batay sa reserbasyon lamang. Kabilang sa mga programang drop-in ang Arts, Sports, Dance (Recital at Non Recital), STEM, at Skating. Muling magbubukas ang pang-ehersisyong mga amenidad para sa drop-in cardio at paggamit ng weight room. Mas maraming impormasyon tungkol sa lahat ng programa at mga serbisyo ang magsisimula pagkatapos ng Araw ng Paggawa, kabilang ang kung paano mag-register, ay ipapakita [brampton.ca/recreation](#).

Lahat ng mga sentrong panlibangan ay mananatiling sarado sa publiko para sa walang appointment na paggamit sa panahong ito. Para sa mga tanong, pakitawag sa 311 o mag-email sa reconnects@brampton.ca.

Mga festival at mga Event

Ang lahat ng festival ng Lungsod, mga event, mga performance at mga permit sa mga event ng komunidad para sa mga event sa mga pasilidad ng Lungsod at mga centro ng performing arts, kabilang ang The Rose, ay patuloy na kakanselahn hanggang sa Araw ng Paggawa sa Setyembre 7, kabilang.

Brampton Library

Ang bagong mga hold ay maaari na ngayong ilagay sa curbside pickup sa piling mga sangay ng library na may balidong library card. Iniiimbitan ang mga residente na mag-reserve ng mga materyales online sa bramptonlibrary.ca at pumili mula sa talaan ng limang sangay ng library na aktibo sa paghahatid ng serbisyong ito. Makikita ang mga detalye sa bramptonlibrary.ca at sa mga pahina sa Facebook, Twitter, at Instagram ng Brampton Library @bramptonlibrary. Sa panahong ito, ang lahat ng sangay ng Brampton Library ay mananatiling sarado sa publiko.

Mga Pangkaligtasang Patnubay at Regulasyon sa Yugto 3

Mga Pamamaraang Pagkalusugan at Pangkaligtasan ng Pasilidad ng Lungsod

Nasa una sa isip ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad, ipapatupad ang mahigpit na pamamaraan ng paglayo mula sa iba sa mga parke at panloob na mga pasilidad ng Lungsod habang nagbubukas ang mga ito. Ang distansa na di bababa sa 2.0 metro (o anim na piye) ay kailangang pananatilihin sa lahat ng panahon mula sa sinuman na hindi kasamang naninirahan ng isang residente.

Ang Lungsod ng Brampton ay mahigpit na nakikipagtulungan sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang brampton.ca/COVID19 para sa mga regular na update, at tawagan ang 311 para makipag-ugnayan sa Lungsod ng Brampton at sa Rehiyon ng Peel anumang oras.

Mga Pagtitipon ng Pangkat at Paglayo mula sa Iba

Bilang bahagi ng Yugto 3 ng muling pagbubukas ng lalawigan, ang mga pagtitipon na panloob na hanggang 50 tao at sa labas na pagtitipon na hanggang 100 tao ay pinapayagan na ngayon. Ang mga pagtitipon na ito ay mananatiling sakop ng pagsunod sa mga iniutos ng lalawigan na paglayo mula sa iba nang dalawang metro ang layo mula sa sinuman na labas sa iyong sambahayan o 10 tao na social circle.

Ang mga ordinansa sa pamamaraan sa Emergency ng Lungsod sa paglayo mula sa iba ay nananatiling may bisa na nagbabawal sa mga tao mula sa pagpapanatili ng mas mababa kaysa 2.0 metro na layo mula sa isa't isa sa anumang propyedad ng publiko. Ang mga indibidwal na hindi sumusunod sa regulasyon ng paglayo mula sa iba ay maaaring mamumultahan nang pinakamababa \$500 at pinakamalaki hanggang \$100,000 para sa bawat paglabag, Maaaring tumawag ang mga residente sa 311 para i-report ang hindi pagsunod.

Simula Hulyo 10, 2020, ang mga hindi medikal na mask o mga takip ng mukha ay kinakailangan sa lahat ng panloob na pampublikong espasyo sa Brampton para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19. Kasunod ng payo ng Peel Public Health, ipinasa ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Ordinansa ng Brampton COVID-19 Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha, na mananatiling may bisa hanggang Oktubre 1, 2020. Para sa mas maraming detalye, bisitahin ang brampton.ca/masks.

Mga Resulta ng Muling Pagbubukas at Pagbangon

Para makatulong sa pag-aabiso sa plano nito ng muling pagbubukas at pagbangon, mula Mayo 5 hanggang Hunyo 14, 2020, sinurvey ng Lungsod ang mga residente kung paano nila gustong mag-access sa mga serbisyo at mga programa. Kabuuang 4,500 sagot ang natanggap. Kabilang sa mahahalagang highlight ang:

- 87% ng mga sumagot ay mas gustong ng paraan ng muling pagbubukas ng mga pasilidad ng Lungsod na inuuna ang kaligtasan ng publiko, kahit na nangangahulugan ito ng pagkaantala.
- 88% ng mga sumagot ay sumang-ayon na dapat paganahin ng Lungsod ang sindaming serbisyo na pwede online.
- 82% ng mga sumagot ay mas gustong mag-access sa mga serbisyo ng Lungsod online o sa telepono.

Mga Quote

“Ang anunsyong ito ay bunga ng progreso na nagawa ng ating komunidad sa loob ng nakalipas na buwan at nagpapakita ng patuloy na pagsisikap at dedikasyon ng ating mga residente, negosyo, mga empleyado sa frontline at mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa pagpapanatili ng isa't isa na ligtas. Habang nagpapatuloy tayo sa Yugto 3 ng panlalawigang muling pagbubukas ngayong Biernes, pinaalalahanan ko ang lahat na kailangang ipagpatuloy natin ang ating mga pagsisikap para pigilan ang pagkalat ng COVID-19. Kailangang mananatili tayong committed sa pagsunod sa pangkaligtasang mga patnubay ng Peel Public Health para patuloy tayong sumulong sa ating muling pagbubukas at pagbangon nang magkasama.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ikinukunsidera kung ano ang narinig natin mula sa ating mga residente, mga negosyo at mga pangkat ng komunidad, patuloy na gagawin ng Lungsod ang ligtas at sinukat na paraan sa muling pagsisimula ng mga serbisyo at muling pagbubukas ng mga pasilidad sa Yugto 3. Tayong lahat ay gumaganap ng ng papel sa ganap na pagbangon at muling pagbubukas ng ating lungsod at hinihikayat ko ang ating mga residente na patuloy na gawin ang kanilang parte sa pamamagitan ng pagsusuet ng hindi medikal na mask, paglayo mula sa iba, paghuhugas ng kanilang mga kamay nang madalas at pagpapasuri kung kailangan.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Mayor sa Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Sa buong tugon natin sa COVID-19, pinasisimulan ng Lungsod ang mga bagong paraan ng paghahatid ng mga serbisyo at mga programa na ligtas at kumbinyente para sa mga residente, negosyo, at sa komunidad. Habang pumapasok tayo sa Yugto 3, mananatiling ginagawa ang pinaigting



Media Release

na pangkaligtasang mga pamamaraan at patuloy tayong maghahanap ng bago at inobatibong mga paraan ng ligtas na pagsasawa ng negosyo para matiyak na patuloy tayong umaabante sa muling pagbubukas at pagbangon ng Lungsod."

- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca